

MGA SIMPLENG KATOTOHANAN
para sa mga
BAGONG KRISTIANO

(Mga sagot sa ating katanungan)

IKALAWANG EDISYON
BERSYON 2.0

Paunang Salita

Sa mga nagdaang taon, gumamit ang mga anak ng Diyos ng isang koleksyon ng mga tanong na may karampatang sagot tungkol sa pananampalataya sa Diyos. Ang aklat na ito ay ginawa upang magabayan ang bawat Kristiano sa mga mahahalagang aral ng paglago ng pananampalataya* sa Panginoon* at magsisilbing gabay para sa makabagong henerasyon.

Ang aklat na ito ay mayroong 144 na mga katanungan at sagot. Ang bawat tanong ay may kasunod kasagutan at ang bawat sagot ay may kasunod na seleksyon mula sa Biblia. Ang bawat seleksyon mula sa Biblia ay kasamang pamagat o titulo ng libro o aklat, (halimbawa: Genesis). Ang bawat pamagat ng aklat ay may kasunod na kabanata kung saan natagpuan ang seleksyon (halimbawa: kabanata 2). At sa bawat kabanata naman, ito ay sinusundan mga talata kung saan matatagpuan ang seleksyon (halimbawa: talata 3). Kaya ang Genesis kabanata dalawa at berso tatlo ay ganito: Genesis 2:3.

Hinalaw ng mga tauhan ng:

The Clear and Simple Media Group

Editorial:

Tom Castor

Susan Moore

Katulong sa Editorial:

Lee Castor

Angela McCarty

Angela Welty

Joe Welty

Katulong sa Editorial ng bersyon 2.0:

Gavin Crossley

Payo at Katulong sa Editorial mula sa Wycliffe Associates (U.K.)

Mike Baker

Ruth Lloyd-Smith

Helen Pocock

Ang ilang mga sagot ay naglalaman ng fragment na pangungusap (halimbawa: Q. 4).

**UNANG BAHAGI
DIYOS AT TAO**

Mga tanong mula sa 1 to 26

**PANGALAWANG BAHAGI
KASALANAN AT BATAS**

Mga tanong mula sa 27 to 62

**PANGATLONG BAHAGI
SI KRISTO AT ANG KALIGTASAN***

Mga tanong mula sa 63 to 90

**PANGAPAT NA BAHAGI
ANG ESPIRITU AT ANG IGLESIA**

Mga tanong mula sa 91 to 117

**PANGLIMANG BAHAGI
PANALANGIN AT PAG-ASA**

Mga tanong mula sa 118 to 144

Kapag nakita mo ang Marcosang *, ito ay nagpapahiwatig ng salita na mayoroong
Marcoscan na makikita sa Listahan ng mga Salita sa dulo nitong aklat.

UNANG BAHAGI DIYOS AT TAO

Q.1 Sino ang gumawa sayo?

A. Ang Diyos ang gumawa sa akin.

Genesis 1:26,27; Genesis 2:7

Q.2 Ano pa ang mga ginawa ng Diyos?

A. Ang lahat ng bagay ay ginawa ng Diyos.

Genesis 1:31; Awit 33:6-9; Colosias 1:16,17

Q.3 Bakit ginawa ng Diyos ang lahat ng mga ito?

A. Ikaw at ang lahat ng bagay ay ginawa ng Diyos para sa Kanyang kaluwalhatian*.

Awit 19:1; Isaias 43:7; 1 Corinto 10:31

Q.4 Paano natin binibigyan ng kaluwalhatian* ang Diyos?

A. Sa pamamagitan ng ating pagmamahal, pagtitiwala*, at pagsunod sa Kanyang mga salita.

Mateo 5:16; Juan 14:21; 1Juan 5:3

Q.5 Bakit kailangan nating bigyan ng kaluwalhatian* ang Diyos?

A. Dahil ako ay ginawa Niya, minamahal, at inaalagaan.

Awit 145:9; 1Pedro 5:7; Pahayag 4:11

Q.6 Ilang diyos ba ang meron?

Meron lamang isang Diyos.

Deuteronomio 6:4; Isaias 45:5; Jeremias 10:10

Q.7 Ilang persona mayroon ang Tunay na Diyos?

A. Isang Diyos na may tatlong persona.

Mateo 3:16,17; Juan 5:23; Juan 10:30; Juan 15:26

Q.8 Ano ang tatlong persona ng Diyos?

Sila ang Diyos Ama, ang Diyos Anak, at ang Diyos na Espiritu* Santo.

Mateo 28:19; 2Corinto 13:14; 1Pedro 1:2

Q.9 Ano ba ang Diyos?

A. Ang Diyos ay Espiritu*. Wala itong katawan na katulad nang tao.

Juan 4:24:2; 2Corinto 3:17; 1Timoteo 1:17

Q.10 Meron ba'ng pinagmulan ang Diyos?

Wala, nariyan na ang Diyos mula pa noong una hanggang magpakailanman.

Exodus 3:14; Awit 90:2; Isaias 40:28

Q.11 Nagbabago ba ang Diyos?

A. Ang Diyos ay hindi nagbabago.

Awit 102:26-27; Malakias 3:6; Hebreo 13:8

Q.12 Nasaan ang Diyos?

A. Kasama natin ang Diyos kahit saan.

Awit 139:7-12; Jeremias 23:23-24; Gawa 17:27-28

Q.13 Nakikita ba natin ang Diyos?

A. Hindi man natin Siya nakikita, tayo ay laging Niyang binabantayan.

Awit 33:13-15; Kawikaan 5:21; Juan 1:18; 1Timoteo1:17

Q.14 Alam ba ng Diyos ang lahat ng bagay?

A. Oo, alam ng Diyos ang lahat ng bagay. Wala akong pwedeng itago sa Kanya.

1Samuel 2:3; Kawikaan 15:3; Hebreo 4:13

Q.15 May kakayanan ba ang Diyos gawin ang lahat ng bagay?

A. Oo, kaya ng Diyos na gawin ang lahat ng nais Niya batay sa Kanyan Banalan* at kabutihan.

Isaias 46:9-10; Daniel 4:34-35; Efeso 1:11

Q.16 Paano ko makikilala, magtitiwala*, mamahalin, at susundan ang utos ng Diyos?

A. Tinuturuan tayo na makilala, mahalín at sumunod sa Diyos ng buong puso sa pamamagitan nang pagbabasa ng Bibliya.

Awit 119:104-105; Juan 20:30-31; 2Timoteo 3:15

Q.17 Ano ba ang tinuturo ng Bibliya?

A. Tinuturo ng Bibliya ang mga katotohanang patungkol sa Diyos at sa Kanyang planong iligtas* sa kasalanan ang sangkatauhan sa pamamagitan ni Hesus. Tinuturo din ng Bibliya ang mga katotohanan patungkol sa aking buhay.

Awit 119:159-160; Juan 17:17; 2Timoteo 3:14-17

Q.18 Sino ang nagsulat ng Bibliya?

A. Ang nagsulat ng Bibliya ay mga taong ginabayan ng Banal* na Espiritu*.

2Pedro1:20-21; 3:15-16

Q.19 Sino ang ating unang magulang?

A. Ang una nating mga magulang ay sina Adan at Eba.

Genesis 3:20; 5:1-2

Q.20 Paano ginawa ng Diyos ang ating unang magulang?

A. Ginawa ng Diyos si Adan mula sa alabok ng lupa. Ginawa ng Diyos si Eba mula sa katawan ni Adan.

Genesis 2:7,21-23; 3:19; Awit 103:14

Q.21 Papaano naiiba sina Adan at Eba sa ibang mga nilikha ng Diyos?

A. Ginawa ng Diyos sina Adan at Eba sa Kanyang sariling imahe.

Genesis 1:26-27

Q.22 Papaano natin makikita ang imahe ng Diyos kina Adan at Eba?

A. Binigyan sila ng Diyos ng kapangyarihang mamahala sa Kanyang mga nilikha. Maaari nilang malaman at maunawaan ang katotohanan, mahalín kung ano ang tama, at tamasahin ang kagandahan ginawa ng Diyos. Maaari nilang gawin kung ano ang nakalulugod sa Diyos. Maaari silang makipag-usap sa Diyos at sa bawat isa.
Genesis 1:26-27; 2:7-9; Awit 147:10-11; Filipos 4:8

Q.23 Ano pa ang ibinigay ng Diyos kay Adan at Eba maliban sa kanilang mga katawan?

A. Binigyan sila ng Diyos ng kaluluwa* na hindi kailanman mamamatay.
Genesis 2:7; Deuteronomio 6:5; Ang Mangangaral 12:7; Mateo 16:26

Q.24 Mayroon ka bang katawan at kaluluwa*?

A. Oo, meron akong kaluluwa* na hindi kailaman mamamatay.
Zacarias 12:1; Gawa 7:59; 2Corinto 5:8

Q.25 Sino si Adan at Eba noong sila ay ginawa ng Diyos?

A. Ginawa ng Diyos na masaya at banal* na mga nilalang sina Adan at Eba. Kasama ng Diyos, sila ay nakatira sa isang hardin ginawa para lamang sa kanila.
Genesis 1:26-28; 2:15-17; 2:25; Awit 8:4-8

Q.26 Ano ba'ng inutos ng Diyos kay Adan at Eba?

A. Hiniling ng Diyos na Siya'y pag-katiwalaan* at sundin nang buong puso*.
Genesis 2:15-17; Awit 8:4-8

PANGALAWANG BAHAGI KASALANAN AT BATAS

Q.27 Sinunod ba nina Adan at Eba ang Diyos at nanatiling banal at masaya?

A. Hindi sila sumunod sa utos ng Diyos. Pinili nilang magkasala sa Diyos.
Genesis 3:6-8

Q.28 Ano ang kasalanan*?

A. Ang kasalanan* ay ang pag-suway at pag-talikod sa mga utos ng Diyos.
Roma 1:32; Santiago 2:10-11; Santiago 4:17; 1Juan 3:4

Q.29 Ano ba'ng nararapat sa bawat kasalanan?

A. Galit at poot ng Diyos ang kaparusahan ng isang kasalanan.
Deuteronomio 27:26; Roma 1:18; Roma 6:23; Efeso 5:6

Q.30 Ano ang kasalanan* ng una nating magulang?

A. Sila ay kumain ng prutas na ipagbawal ng Diyos.
Genesis 2:16-17; 3:6

Q.31 Sino ang tumukso sa kanila upang magkasala?

Ang Diyablo ang tumukso kay Eba na kainin ang prutas, na siya namang ibinigay niya kay Adan.

Genesis 3:1-5; Juan 8:44; 2Corinto 11:3; Pahayag 12:9

Q.32 Ano ang nangyari sa mundo nang magkasala ang ating unang magulang?

A. Isinumpa* ng Diyos ang lupa na naging sanhi ng kamatayan sa lahat ng nilalang sa mundo na naaayon sa babala ng Dios sa kanila.

Genesis 2:15-17; Genesis 3:16-17

Q.33 Ano ang nangyari sa ating unang magulang nang sila ay nagkasala?

A. Pinaalis ng Diyos si Adan at Eba mula sa hardin. Hindi na sila banal* at masaya. Sa halip, sila ay naging makasalanan*, puno ng hiya, at takot.

Genesis 3:8-13; Genesis 3:16-19; Genesis 3:23

Q.34 Dahil sa kasalanan ni Adan, ano ang nangyari sa lahat ng taong ipinanganak kasunod niya?

A. Lahat nang ipinanganak kasunod ni Adan at Eba ay naging makasalanan* na rin. Awit 51:5; Roma 5:18-19; 1Corinto15:21-22

Q.35 Hinayaan ba ng Diyos na sumailalim sa isang sumpa* ang mundo? Tuluyang malugmok ang tao sa kanyang mga kasalanan?

A. Hindi, pinili ng Diyos na iligtas* ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang Tagapagligtas* na Kanyang ipinangako.

Mateo 1:21; Juan 3:16-17; 1Juan 4:14

Q.36 Ano ang tipan?

A. Ang tipan ay isang mahalagang kasunduan sa pagitan ng dalawa o higit pang tao.

Q.37 Anong tipan ang itinatag ng Diyos sa mga taga Israel?

A. Pinangako ng Diyos na gagawin Niyang dakila ang pamilya ni Abram. Pinangako ng Diyos na ipagpapala Niya ang mga bansa sa pamamagitan ni Abram. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang mga utos o batas kay Moises. Pinangako ng Diyos na sasamahan Niya lagi si Moises at pagpapalain Niya ang Israel kung susundan nila ang mga batas na Kanyang ibinigay. Ipinangako ng Diyos kay David na manggagaling sa kanyang lahi ang isang dakilang Hari na mamumuno magpakailanman. Pinangako ng Diyos na isang araw ay gagawa Siya ng isang bagong tipan. Pinangako ng Diyos na Kanyang patatawarin ang sanlibutan sa lahat ng mga kasalanan, at babaguhin ng Diyos ang kanilang mga puso.

Genesis 12:1-3; Genesis 15; Exodus 24:3-7; 2Samuel 7:16; Jeremias 31:31-34

Ang Sampung Utos

Q.38 Ano ang sampung utos?

A. Ang sampung utos ay mga mahalagang salitang ibinigay ng Diyos kay Moises para sa mamamayan ng Israel*. Isinulat mismo ng Diyos ang sampung utos sa dalawang tapyas na bato.

Exodus 31:18; Deuteronomio 9:10

Q.39 Ano ang mga utos nito?

A. Huwag kayong sasamba sa ibang diyos maliban sa akin. Huwag kayong gumawa ng diyus-diyosan* o rebulto at sambahin* ito. Huwag ninyong gamitin ang pangalang ng Diyos sa maling pamamaraan. Tandaan at panatiliing banal ang Araw ng Pamamahinga*. Igalang ang inyong ama at inyong ina. Huwag kayong papatay ng sinuman. Huwag kayong mangangalunya*. Huwag kayong magnakaw. Huwag kang maghangad nang anumang bagay na nauukol sa iyong kapwa.

Exodus 20:1-17

Q.40 Ano ang unang utos?

A. Huwag kayong sasamba sa ibang diyos maliban sa akin.

Exodus 20:3; Isaias 45:5-6

Q.41 Ano ang tinuturo ng unang utos?

A. Itinuturo nito ang pagsamba sa iisang Diyos.

Awit 44:20-21; Mateo 4:10; Pahayag 22:8-9

Q.42 Ano ang ikalawang utos?

A. Ang ikalawang utos ay: Huwag kang gumawa ng diyus-diyosan* o rebulto at sambahin* ito.

Exodus 20:4-6; Deuteronomio 5:8-10

Q.43 Ano ang tinuturo ng ikalawang utos?

A. Itinuturo ng ikalawang utos na huwag sumamba sa kahit anong idolo o imahe.

Isaias 44:10-11; Isaias 46:5-9; Gawa 17:29

Q.44 Ano ang ikatlong utos?

A. Ang ikatlong utos ay: Huwag ninyong gamitin ang pangalang ng Diyos sa maling pamamaraan.

Exodus 20:7; Deuteronomio 5:11

Q.45 Ano ang tinuturo ng ikatlong utos?

A. Itinuturo ng ikatlong utos na hindi natin dapat gamitin ang pangalan ng Diyos sa isang paraan na hindi nagpaparantal* sa Kanya.

Isaias 8:13; Awit 138:2; Pahayag 15:3-4

Q.46 Ano ang ika-apat na utos?

A. Ang ika-apat na utos ay: Tandaan at panatiliing banal ang Araw ng Pamamahinga*.

Exodus 20:8-11; Deuteronomio 5:12-15

Q.47 Ano ang tinuturo ng ika-apat na utos?

A. Itinuturo ng ika-apat na utos ang pagbibigay parantal* sa Diyos sa ating kapahingahan, sa ating trabaho, at sa ating pagsamba.

Exodus 16:23; Isaias 58:13-14

Q.48 Ano ang ika-limang utos?

A. Ang ika-limang utos ay: Igalang ang inyong ama at ina.
Exodus 20:12; Deuteronomio 5:16

Q.49 Ano ang tinuturo ng ika-limang utos?

A. Itinuturo ng ika-limang utos na mahalin at sundin ang ating mga magulang.
Kawikaan 1:8; Efeso 6:1-3; Colosas 3:20

Q.50 Ano ang ika-anim na utos?

A. Ang ika-anim na utos ay: Huwag pumatay ng sinuman.
Exodus 20:13; Deuteronomio 5:17

Q.51 Ano ang tinuturo ng ika-anim na utos?

A. Itinuturo ng ika-anim na utos na tanggalin ang galit o poot sa ibang tao at huwag pumatay ng tao.
Genesis 9:6; Mateo 5:21-22; Juan 3:15

Q.52 Ano ang ika-pitong utos?

A. Ang ika-pitong utos ay: Huwag gumawa ng pangangalunya*.
Exodus 20:14; Deuteronomio 5:18

Q.53 Ano ang tinuturo ng ika-pitong utos?

A. Itinuturo ng ika-pitong utos na hindi tayo maaaring magkaroon ng ibang karelasyon maliban sa ating asawa. Makipagtalik lamang sa ating asawa.
Mateo 5:27-28; Mga Taga-Efeso 5:3-4

Q.54 Ano ang ika-walong utos?

A. Ang ika-walong utos ay: Huwag magnanakaw.
Exodus 20:15; Deuteronomio 5:19

Q.55 Ano ang tinuturo ng ika-walong utos?

A. Itinuturo ng ika-walong utos ang hindi pagkuha ng mga bagay na pag-aari ng ibang tao.
Exodo 23:4; Kawikaan 21:6-7; Efeso 4:28

Q.56 Ano ang ika-siyam na utos?

A. Ang ika-siyam na utos ay: Huwag magsinungaling laban sa iyong kapwa.
Exodo 20:16; Deuteronomio 5:20

Q.57 Ano ang tinuturo ng ika-siyam na utos?

A. Itinuturo ng ikasiyam na utos ang pagiging matapat at ang pagsabi ng katotohanan.
Awit 15:1-3; Kawikaan 12:17; 1Corinto 13:6

Q.58 Ano ang ika-sampung utos?

A. Ang ika-sampung utos ay: Huwag magnais nang anumang bagay na nauukol sa iyong kapwa.

Exodo 20:17; Deuteronomio 5:21

Q.59 Ano ang tinuturo ng ika-sampung utos?

A. Itinuturo ng ika-sampung utos ang pagiging kontento kung ano iyong meron tayo. Filipos 4:11; 1Timoteo 6:6; Hebreo 13:5

Q.60 Sinunod ba ng mga Hudyo ang batas na ibinigay ng Diyos kay Moises?

A. Hindi, sinira nila ang kautusan ng Diyos at pinarusahan sila ayon sa babalang ibinigay Niya.

Deuteronomio 9:12, Ezekiel 39:23

Q.61 Maaari bang sundan ng lubusan ng sinumang tao ang mga utos ng Diyos?

A. Sumuway si Adan sa Diyos. Simula noon, walang taong lubusang makasusunod sa lahat ng mga utos ng Diyos.

Ang Mangangaral 7:20; Roma 3:23; Santiago 2:10

Q.62 Ano ang ipinakikita sa atin ng sampung utos?

A. Ipinakikita ng sampung utos na ang ating Diyos ay banal at mabuti. Itinuturo sa atin kung paano ipapakita at iparamdam ang pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa.

[Ipinakikita din sa atin na tayo ay makasalanan* at hindi sumusunod sa Diyos.](#)

[Ipinakikita nito na kailangan natin ng isang Tagapagligtas*.](#)

Ang Mangangaral 12:13; 1Timoteo 1:8-9; Roma 3:20; 5:13; 7:7-11; Galacia 3:19-24

PANGATLONG BAHAGI SI KRISTO AT ANG KALIGTASAN

Q.63 Sino ang Tagapagligtas*?

A. Ang tanging Tagapagligtas* ng mga makasalanan* ay ang Panginoong* Hesu Kristo

Lucas 2:11; Gawa 4:11-12; 1Timoteo 1:15

Q.64 Sino si Hesu Kristo?

A. [Si Hesu Kristo ay ang walang hanggang* anak ng Diyos.](#)

Juan 1:1,14,18; Juan 3:16,18; Galacia 4:4; 1:15-18; Hebreo 1:1-3; 1Juan 5:20

Q.65. Bakit ipinadala ng Diyos ang Kanyang anak sa mundo?

A. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang anak sa mundo dahil sa Kanyang pagmamahal sa atin. Ipinadala Niya ang Kanyang anak dahil siya ay Diyos ng awa at grasya.

Awit 103:8-11; Juan 3:16-17; Roma 5:7-8; Efeso 2:4-5; 1Juan 4:9-10

Q.66 Si Hesu Kristo ba ay Diyos at tao?

A. Oo, si Hesus ay ganap na Diyos at ganap na tao.

Juan 1:1-3, 14; Filipos 2:5-11; Colosas 2:9; Hebreo 2:14-18

Q.67 Ano ang ginawa ni Hesus na ang Tagapagligtas*?

A. Sinunod niya ang lahat ng utos ng Diyos at inako niya ang mga kaparusahan para sa kasalanan* ng sanlibutan.

Roma 8:3-4; Filipos 2:7-8; Hebreo 4:15; Hebreo 9:14-15

Q.68 Bakit namatay si Hesus?

A. Inalis ni Jesus ang poot ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang kamatayan para sa lahat ng makasalanan.

Marcos 10:45; 2Corinto 5:19-21; Galacia 3:13

Q.69 Papaano nagdusa ang walang hanggang* Anak ng Diyos upang kapalit sa mga taong makasalanan*?

A. Ang anak ng Diyos na si Hesus ay naging tao.

Juan 1:14; Galacia 4:4,5; Colosas 2:9

Q.70 Papaano naging tao ang anak ng Diyos?

A. Nagkatawang tao siya lalang ng Banal na Espiritu*, ipinanganak ng birheng* Maria.

Isaias 7:14; Mateo 1:18-21

Q.71 Paano namuhay si Hesu Kristo?

A. Isang simple, marangal*, at mapagpakumbabang buhay.

Mateo 8:20; Mateo 11:28-30; Lucas 4:18-19; 2Corinto 8:9; 2Corinto 10:1

Q.72 Nagkasala ba ang Panginoong* Hesu Kristo?

A. Hindi, si Hesus ay banal* at dalisay.

Juan 8:29; 2Corinto 5:21; Hebreo 7:26; 1Pedro 2:21-23

Q.73. Papaano namatay si Hesu Kristo?

A. Namatay si Kristo sa krus.

Lucas 23:33; Galacia 3:13; Filipos 2:8

Q.74 Nanatili ba'ng patay si Hesu Kristo?

A. Hindi, si Kristo* ay nabuhay muli pagkalipas ng tatlong araw.

Mateo 28:5-7; Lucas 24:5-8; Roma 4:25; 1Corinto15:3,4

Q.75 Sino ang ililigtas ng Diyos sa bunga ng kanilang kasalanan?

A. Ililigtas* ng Diyos ang sinumang mag-sisisi* sa kanilang mga kasalanan* at sinumang maniniwala sa Panginoong* Hesu Kristo.

Marcos1:14,15; Juan 3:16-18; Gawa 20:21

Q.76 Ano ba ang pag-sisisi*?

A. Ang pag-sisisi* ay ang pag-amin sa mga kasalanang nagawa at pagtalikod sa mga ito dahil hindi kalugod-lugod sa Diyos.

Lucas 19:8-10; 2Corinto 7:9-10; 1Tesalonica 1:9-10

Q.77 Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng pananampalataya* kay Kristo*?

A. Ang pananampalataya kay Kristo ay ang paniniwala kay Hesus.

Pinagkakatiwalaan lamang natin Siya upang iligtas tayo.

Juan 14:6; Gawa 4:12; 1Timoteo2:5; 1Juan 5:11-12

Q.78 Maaari ka bang magsisi* at maniwala kay Kristo* ayon sa ng iyong sariling kapangyarihan?

A. Hindi, kinakailangan ko ang tulong ng Banal* na Espiritu*.

Jeremias 13:23; Juan 3:5-6; Juan 6:44; 1Corinto2:14

Q.79 Saan maaaring malaman ang katotohanan tungkol kay Kristo?

A. Sa Mabuting Balita na nagbibigay ng Tagapagligtas sa lahat ng tao.

Marcos1:1; Gawa 15:7; Roma 1:16-17

Q.80 Ano ang kahalagahan sa atin ni Hesus na ating Tagapagligtas?

A. Si Hesu Kristo ay naging ating Propeta*, ating Pari, at ating Hari.

Mateo 13:57; Juan 18:37; Hebreo 1:1-3; 5:5-6; Pahayag 1:5

Q.81 Paano naging Propeta* si Hesu Kristo?

A. Dahil ipinakita Niya kung sino ang tunay na Diyos, at tinuturuan Niya tayo kung papaano maging kalugod-lugod sa Diyos.

Deuteronomio 18:18; Juan 1:18; Juan 4:25-26; Gawa 3:22; Juan 5:20

Q.82 Bakit kailangan natin si Kristo bilang Propeta*?

A. Dahil hindi natin makikilala ang Diyos kung wala Siya.

Mateo 11:25-27; Juan 17:25-26; 1Corinto 2:14-16

Q.83 Paano naging pari si Hesu Kristo?

A. Namatay si Hesus para sa atin at kinakausap Niya ang Diyos para sa atin.

Awit 110:4; Hebreo 4:14-16; 7:24-25; Juan 2:1-2

Q.84 Bakit kailangan natin si Cristo bilang Pari?

A. Dahil sa ating mga kasalanan, tayo ay puno ng kahihyan.

Kawikaan 20:9; Ang Mangangaral 7:20; Isaias 53:6; Roma3:10-12; 3:23; Santiago 2:10

Q.85 Paano si Hesu Kristo bilang Hari?

A. Pinamumunuan Niya tayo at ipinagtatanggol Niya tayo.

Awit 2:6-9; Efeso 1:19-23; Pahayag 15:3-4

Q.86 Bakit kailangan natin si Kristo bilang Hari?

A. Dahil tayo ay mahina at puno ng takot.

2Corinto 12:9-10; Filipos 4:13; Colosas 1:11-13; Hebreo 13:5-6; 2Timoteo 1:12

Q.87 Ano ang mga pagpapalang* matatanggap natin kung naniwala tayo kay Hesu Kristo?

A. Ang kapatawaran* ng Diyos, ang pagtanggap Niya sa atin bilang banal* na nilalang, ang pagtanggap Niya sa atin bilang Kanyang minamahal na mga anak at kapamilya, at ang pagbigay sa atin ng Diyos ng perpektong katawan at kaluluwa* sa ating muling pagkabuhay*.

Roma 5:18; Galacia 4:4-6; Efeso 1:5; Hebreo 10:10-14; 1Juan 3:2

Q.88 Pinagpapala* ba ako ng Diyos dahil sa aking kabaitan at tamang gawa?

"Hindi, pinagpapala ako dahil sa kagandahang loob ng Diyos. Kung tutuusin, hindi nga ako karapat-dapat at hindi ko kayang magkaroon ng mga ito."

Isaias 64:6; Efeso 2:8-9; Tito 3:4-7

Q.89 Aalisin ba ng Diyos ang Kanyang pagpapala sa mga totoong nagsisi at naniniwala?

A. Hindi iiwan kailanman ng Diyos ang mga nagtitiwala* na si Hesus ang Tagapagligtas* nila.

Juan 10:27-30; Roma 8:38-39; Filipos 1:6; 1Pedro 1:3-5

Q.90 Ano ba ang kagandahang-loob ng Diyos?

Ang kagandahang loob ng Diyos ay ang Kanyang pag-ibig at kabutihan sa atin na Kanyang ibinibigay kahit hindi tayo karapat dapat na bigyan.

Exodo 34:6; Efeso 1:7-8; 2Corinto 8:9

PANGAPAT NA BAHAGI ANG ESPIRITU AT ANG IGLESIA

Q.91 Ano ang nais ng Diyos sa mga taong nagtitiwala kay Hesus bilang Tagapagligtas?

A. Nais ng Diyos na sila ay naging banal sa puso* at gawa. Nais Niya na tayo ay maging tulad ni Hesus.

Efeso 1:4; 1Pedro 1:15; 2Corinto 7:1

Q.92 Papaano gagawin ng Diyos na tayo ay maging banal sa puso at sa gawa?

A. Bibigyan tayo ng Diyos ng bagong puso at ibibigay Niya din ang Espiritu Santo.

Ezekiel 36:26; Roma 8:1-14; Galacia 5:22-26; Efeso 1:13

Q.93 Sino ba'ng Espiritu Santo?

A. Ang Banal na Espiritu* ay Diyos, Ang Diyos Ama at Diyos Anak ang nagpadala sa Banal na Espiritu* para ipakita sa mundo ang kasalanan. Siya ay iang tagaalo, isang kasama at isang gabay sa mga naniniwala at nanampalataya.

Mateo 28:19; Juan 14:26; 15:26; 2Corinto 13:14

Q. 94 Ano ba'ng tungkulin ng Espiritu Santo sa ating buhay?

A. Ang tungkulin ng Espiritu Santo ay nagbibigay ng pag-asa kapag tayo ay nalulungkot, Siya ang ating kasama araw-araw, at gumagabay sa lahat ng naniniwala kay Hesus.

Juan 16:7-8,12-15; Roma 8:14-16; 1Corinto 6:19; Efeso 1:14

Q.95 Paano ko ba'ng malalaman na ginagawa akong banal ng Espiritu Santo? Kapag ako'y lumalago at natutulad sa aking Tagapagligtas na si Hesu Kristo. Makikita ko ang bunga ng Espiritu Santo sa aking puso at sa akin pag-uugali. Colosas 1:9-12; Efeso 3:16

Q.96 Ano ba'ng bunga ng Espiritu?

A. Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtiyatiyaga, kagandahan loob, kabutihan, pagiging tapat, kahinahunan, at pagpiipgil sa sarili. Galacia 5:22-23

Q.97 Lagi ka ba'ng masagana kapag susunod ka kay Hesus?

A. Hindi. Minsan magkakaroon ako ng problema. Minsan din ay makakaramdam ng hirap o poot tulad ni Hesus.

Juan 15:18-19; 2Timoteo 3:12; Roma 8:23-25; Santiago 1:2-4; 1Pedro 4:12-13

Q.98 Paano makatulong ang Diyos sa mga panahon ng kaguluhan?

A. Pinalakas ako ng Banal na Espiritu. Inaalagaan ako ng iglesiyang ako'y kasapi. Pinapangako niya na, sa lahat ng bagay, Siya ang kikilos para sa aking kapakanan at para sa Kanyan kaluwalhatian.

Roma 5:3-5; 8:18; 1Tesalonica 5:11; 1Pedro 4:12-19; 5:10

Q.99 Ano ang pangkalahatang iglesia*?

A. Ang pangkalahatang iglesia ay binubuo ng lahat ng taong itinubos* ng Diyos. Ang iglesia* ay ang pamilya ng Diyos Ama. Ito ay ang katawan ni Kristo, ang Anak ng Diyos. Dito namamahay ang Banal* na Espiritu*.

1Corinto 12:27; Efeso 3:14-15; 5:23; Colosas 1:24; Hebreo 2:11

Q.100 Ano ang lokal na iglesia*?

A. Ang lokal na iglesia* ay grupo ng mga taong nagtitiwala at sumusunod sa mga salita at turo ni Hesus. Sama-sama nilang sinasamba ang Diyos. Pinakikinggan at pinag-aaralan nila ang banal na kasulatan. Iniingatan nila ang isat-isa. Sama-sama rin silang nagdarasal at nagtatrabahong lumago ang kaharian* ng Diyos.

Binabautismuhan nila ang mga mananampalataya at nakiisa sa Banal na Hapunan. Mateo 28:19-20; Gawa 2:41-42; 8:36-39; 14:23; Roma 6:1-5; 1Corinto 11:23-26; Tito 1:5

Q.101 Dapat ka ba'ng maging isang bahagi ng isang lokal na iglesia?

A. Oo. Ang lokal na iglesia ay isang pamayanan na tumutulong sa aking paglago at sa pagiging matatag sa aking pananampalataya. Dito ako natututong sundin ang bagong kautusan ni Hesus.

Hebreo 10:24-25

Q.102 Ano ang bagong utos na ibinigay ni Hesus sa iglesia?

A. Sinabi ni Hesus, "kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa."

Juan 13:34

Q.103 Papaano natin maipapakita ang pag-mamahal sa bawat isa?

A. Ipinakikita natin ito kapag mabait tayo sa isa't isa, kapag ipinapanalangin natin ang bawat isa, at kapag pinapatawad natin ang isa't isa. Ipinakikita natin ang pag-ibig kapag pinararangalan* natin ang bawat isa, kapag tinutulungan natin ang bawat isa, kapag pinapalakas natin ang loob ng bawat isa. Ipinakikita natin ang pag-ibig kapag nagsasalita tayo ng katotohanan sa bawat isa, at kapag inilalagay natin ang pangangailangan ng iba bago ang sarili natin.

Roma 12:10; Efeso 4:32; Colosas 3:9,13; 1 Tesalonica 4:18; Santiago 5:16

Q.104 Ano ang bautismo*?

A. Sa bautismo*, ang isang lider ng iglesia* ay panandaliang linulublob ang isang tao sa ilalim ng tubig. Ginagawa ito sa ngalan ng Ama, ng Anak at ng Banal na Espiritu*.

Mateo 3:6,16; Marcos 1:5; Gawa 8:12

Q.105 Sino ang pwedeng ibautismo*?

A. Ang bautismo ay para sa lahat na nagsisisi* sa kanilang mga kasalanan*. Ito ay para sa lahat ng mga taong naniniwala kay Kristo ukol sa kanilang kaligtasan*.

Gawa 2:38,39; 8:36-37; 16:30-33

Q.106 Ano ang ibig sabihin ng bautismo*?

A. Ang bautismo* ay tanda ng pag-kakaisa ng mga nananampalataya* kay Kristo na Siya ay namatay, inilibing, at muling nabuhay. Sinasabi na ako ay bahagi ng Kanyang Iglesia.

Gawa 16:30-33; Roma 6:3-5; Colosas 2:12

Q.107 Paano pina-aalala sa bawat Kristiyano ang kamatayan ni Hesus?

A. Nakikibahagi tayo sa Kanyang Banal na Hapunan na magkakasama.

Marcos 14:22-24; 1Corinto 11:23-29

Q.108 Ano ba'ng Banal na Hapunan?

A. Sa Banal na Hapunan tayo ay kumakain ng tinapay at uminom ng saro. Ginagawa natin ito upang alalahanin ang kamatayan ni Hesu Kristo

Marcos 14:22-24; 1Corinto 11:23-29

Q.109 Ano ba'ng kahulugan ng tinapay?

A. Nagsasabi patungkol sa katawan ng Kristo ang tinapay na minsan namatay dahil sa atin kasalanan.

Mateo 26:26; 1Corinto 11:24

Q.110 Ano ba'ng kahulugan ng saro?

A. Nagsasabi patungkol sa dugo ni Kristo ang saro na minsan dumaloy para sa ating kaligtasan*.

Mateo 26:27-28; 1Corinto 11:25; Hebreo 9:26-28

Q.111 Sino ang pwedeng makiisa sa Banal na Hapunan?

A. Para sa lahat ng nagsisisi ng kanilang kasalanan ang Banal na Hapunan. Ito'y para sa lahat ng naniniwala kay Kristo para sa kanilang kaligtasan.

1Corinto 10:16,17; 11:18-29

Q.112 Sino ang nagbigay ng bautismo at Banal na Hapunan sa Iglesia?

A. Ang Panginoong* Hesu Kristo.

Mateo 26:26-29; Mateo 28:18-20

Q.113 Bakit ibinigay ni Hesus ang bautismo* at ang Banal na Hapunan sa iglesia*?

A. Ibinigay ni Hesu Kristo ang bautismo at ang huling hapunan upang maipakita sa Kanyang mga anak na sila'y kabilang sa Kanya. Ito'y magsisilbing paalala sa lahat ng ginawa Niya.

Mateo 28:19; Roma6:1-5; 1Corinto 11:23-26

Q.114 Ano ang huling utos ni Hesus sa Kanyang Iglesia*?

A. "Ibinigay sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya puntahan ninyo ang mga tao sa lahat ng bansa at gawin ninyo silang mga tagasunod ko.

Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu.

Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo: lagi ninyo akong kasama hanggang sa katapusan ng mundo."

Mateo 28:18-20

Q.115 Ano ang araw ng Panginoon*?

A. Ang araw ng Panginoon* ay tuwing unang araw ng linggo. Ito ang araw kung saan ang unang mga Kristiyano ay nagtitipon-tipon upang magsamba* sa Diyos.

Gawa 20:7; 1Corinto 16:2; Pahayag 1:10

Q.116. Bakit ito'y tinatawag na araw ng Panginoon*?

A. Dahil sa araw na ito nabuhay muli si Kristo mula sa kamatayan.

Mateo 28:1-6; Lucas 24:1-6; Juan 20:1

Q.117 Paano natin ipamumuhay ang araw ng Panginoon*?

A. Ang pinaka-mabuting paraan na gagawin natin sa araw ng Panginoon* ay ang pag-samba* sa Diyos kasama ang iba pang mananampalataya, at pag-himok* sa mga kasamahan natin dito.

Awit 27:4; Roma 12:9-13; Colosas 3:16

PANG-LIMANG BAHAGI PANALANGIN AT PAG-ASA

Q.118 Ano ang panalangin?

A. Ang panalangin ay ang paraang ng pag-uusap sa Diyos. Ito ay ang pag-papasalamat sa Kanyang kabutihan. Dito rin natin inaamin ang ating mga kasalanan*. Dito rin tayo humihiling sa Diyos ng mga bagay na nakalulugod sa Kanya. Mateo 6:6; Filipos 4:6; Juan 5:14

Q.119 Sa kaninong pangalan dapat tayo manalangin?

A. Dapat tayong manalangin sa pangalan ni Hesus.

Juan 14:13-14; 16:23

Q.120 Kailan at saan tayo dapat manalangin?

A. Maaari tayong manalangin sa Diyos kahit saan, at kahit anong oras man.

Mateo 6:6; Efeso 6:18; Gawa 21:5; Colosas 4:2

Q.121 Ano ang ibinigay ng Diyos na paraan para tayo ay manalangin?

A. Ibinigay ni Hesus ang Panalangin ng Panginoon*.

Mateo 6:9-15; Lucas 11:2-4

Q.122 Ano ang Panalangin ng Panginoon*?

A. Ama namin na nasa langit* Ka,
parangalan* nawa ang pangalan Mo.

Dumating nawa ang kaharian* Mo.

Gawin nawa ang Iyong kalooban,

kung paano sa langit*, gayon din naman sa lupa.

Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw.

At ipatawad* Mo sa amin ang aming mga kasalanan*,

gaya naman namin na nagpatawad sa mga nagkakasala* sa amin.

huwang N'yo kaming hayaang matukso

kundi iligtas Mo kami sa kasamaan*.

Mateo 6:9-13

Q.123 Ilan ang kahilingan mayroon sa Panalangin ng Panginoon*?

A. Mayroong anim na kahilingan.

Q.124 Ano ang unang kahilingan?

A. "Parangalan* nawa ang pangalan Mo."

Mateo 6:9; Lucas 11:2

Q.125 Ano ang ipinapanalangin natin sa unang hiling?

A. Dalangin natin na ang lahat ng tao ay pupurihin ang pangalan ng Diyos.

Awit 8:1-2; 72:18-19; 113:1-3

Q.126 Ano ang pangalawang hiling?

A. "Dumating nawa ang kaharian* Mo."

Mateo 6:10; Lucas 11:2

Q.127 Ano ang ipinapanalangin natin sa pangalawang hiling?

A. Dalangin natin na ang lahat ng tao sa mundo ay marinig at maniwala sa mabuting balita. Dalangin natin na sila ay sumunod kay Hesus bilang Panginoong*.
Juan 17:20-21; Gawa 8:12; 28:30-31; Pahayag 11:15

Q.128 Ano ang pangatlong hiling?

A. "Gawin nawa ang Iyong kalooban, kung paano sa langit*, gayon din naman sa lupa.*."

Mateo 6:10

Q.129 Ano ang ipinapanalangin natin sa pangatlong hiling?

A. Dalangin natin na ang mga tao sa lupa ay gawin ang hinahangad ng Diyos sa lahat ng paraan, tulad ng ginagawa ng mga anghel* sa langit*.

Awit 103:19-22; 143:10

Q.130 Ang ang pangapat na hiling?

A. "Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw."

Mateo 6:11; Lucas 11:3

Q.131 Ano ang ipinapanalangin natin sa pangapat na hiling?

A. Ipinapanalangin natin na ibigay ng Diyos ang lahat ng bagay na ating kakailanganin para sa ating mga katawan.

Awit 145:15-16; Kawikaan 30:8-9; Mateo 6:31-33

Q.132 Ano ang panglimang hiling?

A. "At ipatawad* Mo sa amin ang aming mga kasalanan*, gaya naman namin na nagpatawad sa mga nagkakasala* sa amin."

Mateo 6:12; Lucas 11:4

Q.133 Ano ang ipinapanalangin natin sa panglimang hiling?

A. Ipinapanalangin natin na tayo ay patawarin* ng Diyos sa ating mga nagawang kasalanan* tulad nang pagpatawad* natin sa mga taong nakasakit satin.

Awit 51:2-3; Mateo 5:23-24; Efeso 4:32

Q.134 Ano ang pang anim na hiling?

A. "Huwang N'yo kaming hayaang matukso, kundi iligtas Mo kami sa kasamaan*."

Mateo 6:13; Lucas 11:4

Q.135 Ano ang ipinapanalangin natin sa panganim na hiling?

A. Ipinapanalangin natin na panatiliin tayo mula sa kasalanan at protektahan tayo sa mga gawa na masama*.

Awit 119:11; 1Corinto 10:13; 2Timoteo 4:18

Q.136 Ano ang tinuturo sa atin ng pagdarasal?

A. Ang pagdarasal ay tinuturuan tayong magtiwala* sa Diyos na tanging Siya lamang ang lubusang makakatulong sa atin.

Efeso 6:18; Filipos 4:6; Hebreo 4:16

Q.137 Nasaan ngayon si Kristo?

A. Si Kristo ay nasa langit*, nakaupo sa kanang bahagi ng Diyos Ama.
Marcos 16:19; Gawa 5:31; Roma 8:34

Q.138. Babalik ba muli si Kristo* sa mundong ito?

A. Oo. Sa mga huling araw, si Kristo* ay babalik muli sa mundong ito at Siya ang magiging hukom ng lahat ng tao. Si Kristo* ang magliligtas* sa mga taong naghihintay sa Kanya.

Mateo 25:31-32; 2Tesalonica 1:7-9; 2Timoteo 4:1; Hebreo 9:28

Q.139 Ano ang mangyayari sa mga taong matutuwid na namumuhay kapag sila ay lumisan na?

A. Ang katawan nila ay magiging alabok at babalik sa lupa, at ang kaluluwa ay mababalik sa Dios.

Genesis 3:19; Ang Mangangaral 12:7; 2Corinto 5:8

Q.140 Ano ang mangyayari sa mga hindi matuwid* na namumuhay kapag sila ay lumisan na?

A. Ang katawan nang hindi matuwid* ng namumuhay pa ay magiging alabok at mauwi sa lupa, at ang kaluluwa ay mapupunta sa ilalim ng kaparusahan hanggang sa araw ng paghuhukom.

Lucas 16:23-24; Juan 5:28-29; 2Pedro2:9

Q.141 Ang namatay ba ang mabubuhay muli?

A. Oo, magkakaroon ng pagkabuhay muli sa pagbabalik ni Kristo*.

Daniel 12:2; Juan 5:28-29; Gawa 24:14-15

Q.142 Ano ang mangyayari sa mga taong hindi matuwid* sa pagdating ng paghuhukom ni Kristo*?

A. Hahatulan sila ng Diyos ng walang hanggang* kapahamakan sa impyerno*. Mawawala sila sa presensya ng Diyos magpakailanman.

Mateo 25:41,46; Marcos 9:47,48; Lucas 12:5; 16:23-26; 2Tesalonica1:9; Pahayag 20:12-15

Q.143 Ano ang mangyayari sa mga taong matuwid* sa pag dating ng pag-huhukom ni Kristo*?

A. Sila ay mananahan sa piling ng Diyos ng may lubos na kagalakan. Sila ay tatahan sa bagong langit* at bagong mundo.

Isaias 66:22-23; 2Pedro3:13; Pahayag 21:2-4

Q.144. Ano ang bagong langit* at bagong mundo?

A. Sa bagong langit* at bagong mundo, makakasama nating ang Diyos magpakailanman. Hindi na tayo magkakasala. Hindi na tayo mamamatay. Wala na ang sumpa*. Wala nang sakit at lungkot sa bagong langit* at bagong mundo. Wala ng

kasalanan, takot, at napapahiya. Ang tanging nararanasan natin ay ang kagalakang nagmumula sa Diyos.

Mga Hebreo 12:22-23; Jude 24; Pahayag 21:1-5; Pahayag 22:1-4.

Listahan ng mga Salita

Alagad

Ang isang alagad ay isang taong sumusunod sa isa pang tao kung saan marami siyang natututunan dito. Ito ay isang tao na naniniwala kay Hesus. Ang isang tao na sumusunod kung ano ang itinuturo ni Hesus.

Anghel

Ang anghel ay isang lingkod ng Diyos na nagdadala ng Kanyang mensahe. Ang anghel ay espiritu*. Ito ay nagsasabi nang mabubuting bagay tungkol sa Diyos, sinusunod ang utos ng Diyos, at gumagawa nang mabuti para sa mga taong kasama sa pamilya ng Diyos. Ang masamang anghel ay sinisilbihan ang Diyablo*.

Araw ng Pamamahinga

Ang araw kung kailan namahinga ang Diyos mula sa Kanyang pag-likha ng mundo. Ito ay ang araw na sinabi ng Diyos sa mga Judyo* na huwag magtrabaho. Ito ay espesyal na araw para sila ay mamahinga, at mag-samba sa Diyos.

Banal

Ang pagiging banal ay pagiging bukod para sa Diyos. Upang maging tulad ng Diyos. Upang maging maka-Diyos. Banal tayo kapag wala tayong kasalanan. Malinis tayo sa harapan ng Diyos.

Banal na Espiritu

Ang Espiritu* ng Diyos ay ipinadala ni Hesus upang tulungan ang tao. Ang Espiritu* Santo ay isa ring pangalan ng Diyos. Siya rin ay tinatawag na Espiritu* ng Diyos, Espiritu* ni Kristo, at ang Espiritu na Tumumululong sa Atin. Ang Espiritu* Santo ay isang persona ngunit ito ay hindi tao tulad natin. Siya ay Diyos at kapantay ng Diyos Ama, at Diyos Anak. [hanapin Trinidad]. Siya ay gumagawa ng tungkulin ng Diyos sa mga tao sa buong sanlibutan. Walang mang nakakakita sa Espiritu* Santo pero Siya ay nananahan sa mga tao na naniniwala kay Hesus.

Batas

Ito ay mga patakaran sa pamumuhay na ginagawa ng isang namumuno. Ang mga patakarang ibinigay ng Diyos kay Moises para sa bayan ng Israel.

Bautismo

Sa bautismo, ang isang lider ng simbahan* ay panandaliang linulublob ang isang tao sa ilalim ng tubig. Sa ganitong paraan ay ipinakikita na si Kristo ay ginawa tayong malinis. Ipinakikita rin natin na tayo ay bahagi ng iglesia*. Kapag tayo ay nabutismuhan tayo ay pinapaalalahanan na si Hesus na namatay. Nilibing siya ng mga tao. Ngunit Siya rin naman ay nabuhay mula sa kamatayan.

Birhen

Ang birhen ay isang tao na hindi pa nakakaranas ng pagtatalik.

Biyaya

Ang biyaya ay ang mabubuting bagay na ikinaloob ng Diyos para sa atin. Kapag tayo ay humingi ng biyaya sa Diyos, hinihingi natin na tayo'y Kanyang tulungan, at maging mabuti sa atin.

Diyablo

Ang Diyablo ay isa sa mga tawag kay Satanas*. Si Satanas* ay ang pinaka-masama sa mga masasamang anghel* [hanapin anghel].

Espiritu

Ang Espiritu ay isang nilalang na walang katawan at walang sinuman ang maaaring makakita nito. Ang Diyos ay Espiritu*. Ang Diyos ay lumikha din ng iba pang nilalang na espiritu (anghel*) na hindi natin nakikita maaari itong mabubuti o masasamang nilalang. Ang kaluluwa ng isang tao ay minsa'y tinatawag na espiritu ng tao [hanapin kaluluwa*].

Hudyo

Ang hudyo ay isang tao na ipinanganak mula kay Abraham, Isaac, at Jacob, at sa kanilang mga anak. Ang isang tao na may pananampalataya * ng mga Hudyo.

Diyus-diyosan (rebulto o imahe)

Ang diyus-diyosan ay kahit anong istatwa o katayuan na gawa sa kahoy, bato, o bakal na dinadasalan ng tao. Ang dapat sambahin* ng tao ay ang Diyos. Ang diyus-diyosan ay maaari din na larawan ng tao o bagay na higit nating minamahal kumpara sa Diyos. Ang diyus-diyosan ay hindi totoong Diyos. Isang bagay na minamahal ng tao nang higit sa Diyos.

Iglesia

Ang iglesia ay isang grupo ng mga tao na sumusunod at naniniwala kay Hesu Kristo. Sila ay nagsasama-sama. Sila din ay nagbabautismo* ng nananampalataya* sa Diyos. Sila rin ay sama-samang kumain ng Banal na Hapunan. Sila din ay sumusunod sa turo ni Kristo.

Impyerno

Ang impyerno ay ang lugar kung saan pinaghiwalay ng Diyos ang masasamang tao mula sa Kanyang sarili. Ito ay ang lugar ng kaparusahan para sa masasamang tao pagkatapos ng kamatayan.

Israel

Ang lupain na kinatatahanan ng mga Hudyo. Ang mamamayan ng Israel ay isa pang pangalan para sa mga Hudyo. Sila ang mga anak nina Abraham, Isaac, at Jacob.

Kagandahang-loob

Ang pagpapala ay isang regalo ng Diyos na hindi kailanman karapatdapat ibigay sa atin dahil sa ating mga kasalanan. Ngunit kusa Niya itong ibinibigay. Ang pagpapala ay ang binibigay sa atin ng Diyos dahil Siya ay mabuti. Binigyan tayo ng Diyos ng kapatawaran* at tulong na tangi lamang Siyang makakabigay.

Kaharian

Ito ay kung saan ang isang hari ay namumuno. Ito ay isang lupain kung saan ang hari ay namumuno. Ang kaharian ng Diyos ay lugar na kung saan ang Diyos ay namumuno.

Kaligtasan

Ang kaligtasan ay ang pagsagip ng Diyos mula sa mga resulta at kapanyarihan ng ating kasalanan*. Ang pagligtas o pagsagip mula sa masasama.

Kaluwalhatian/luwalhatiin

Ang kaluwalhatian/luwalhatiin ng Diyos ay ang lahat ng bagay na ginagawang maganda at mahusay ang Diyos, tulad ng isang dakilang hari.

Kaluluwa

Ang kaluluwa ay bahagi ng isang tao na hindi natin nakikita at nasa atin habang tayo'y buhay. Ito ay nananatiling buhay pag-katapos nating mamatay. Binigyan ng Diyos ng kaluluwa si Adan at Eba nung hiningahan niya ng buhay ang mga ito. Ito ay maaaring din tawaging espiritu* ng tao [hanapin Espiritu].

Kapatawaran

Ang kapatawaran ay ang hindi paalala ng mga masasamang bagay na nagagawa ng isang tao o indibiduwal sa'yo. Kapag ang Diyos nagpatawad, hindi Niya na ito ginagamit laban sa atin.

Karangalan

Ang pag-paparangal ay ang pagsasabi ng magagandaang bagay ukol sa isang tao. Ito ay ang pagpapakita nang mabuting asal sa isang tao dahil sa siya ay mahalaga sayo at nirerespeto mo sila.

Kasalanan/ Makasalanan

Kasalanan ay ang mga maling bagay na ginagawa ng mga tao laban sa Diyos o laban sa iba pang mga tao. Ang hindi pag-sunod sa mga utos ng Diyos ay isang kasalanan. Makasalanan ang lahat ng mga tao dahil may ginagawa sila laban sa Diyos or sa kapuwa. Makasalanan ang lahat ng mga tao dahil sila'y ipinanak na may masamang hangarin.

Kapanatagan

Ito ay pagiging masaya sa kung ano ang mayroon ka. Ang kaalaman na kung ano'ng meron tayo ay sapat.

Kasaganaan

Ito ay ang pagtamasa ng mga mahuhusay na mga bagay sa buhay. Ito rin ay ang pagkakaroon ng mabuting kalusugan at kayamanan. Sumasagana tayo kung mayroong mga tao na nagsasalita ng mabuti tungkol satin. Ito rin ay ang pag-tamasa ng kabutihan na ipinakikita ng ibang tao sa atin.

Krus

Ang krus ay dalawang klaseng kahoy na magkasama. Noong si Kristo ay nabubuhay pa, ang mga salarin ay kinabit sa krus upang puksain ang mga ito. Si Hesus ay namatay sa Krus.

Langit

Ang langit ay ang lugar kung saan nakatira ang Diyos Ama at ang Diyos Anak na si Hesus. Sila ay namumuno doon. Ang langit ay ang lugar kung saan mananahan ang lahat nang nakakakilala kay Hesus. Wala na ritong kahit anong gulo o lungkot, kundi

ang walang katapusang saya. Ang bagong langit at bagong lupa ay ang tirahan ng lahat nang nagtitiwala sa Diyos.

Mananampalataya

Ang isang mananampalataya ay isang tao na nakakakilala at nagtitiwala kay Kristo.

Marangal/Nagpaparangal

Ang pag-asal nang mabuti. Ang pamumuhay nang mabuti na nagpapakita nang galang at pagmamahal sa Diyos at tao. Ang pagiging isang tao na gumagawa ng mabuti at tama.

Matuwid

Ang pagiging kalugod-lugod sa Diyos. Ang mga taong matuwid ay ang mga taong kalugod-lugod sa Diyos. Kapag ginawang matuwid ng Diyos ang tao, magiging malinis siya sa mata ng Diyos. Sila ay mga kaibigan at hindi kaaway ng Diyos.

Muling pagkabuhay

Ang mabuhay muli.

Pag-ampon

Ang pag-ampon ay isang legal na gawain na nagpapabisa sa isang tao na makabilang sa isang pamilya na mag-aaruga sa kanya bilang kanyang sariling anak. Dati rati, tayo ay mga dayuhan at kaaway ng Diyos. Ngunit ngayo'y tinawag ng Diyos bilang Kanyang mga anak na minamahal.

Pagbubuntis

Ito ay ang sandaling paggawa ng isang sanggol kapag ang isang bagong buhay ay nagsisimula sa katawan ng isang babae.

Paggalang

Ang paggalang ay pagtrato sa isang tao na tila siya'y napakahalaga.

Pag-sisisi

Ito pag-sisisi ay ang pag-talikod sa kasalanan*. Ito ang paggagawa ng mga nais ng Diyos na gawin natin. At pagpapasya na hindi na muling gagawa pa ng kasamaan na ginawa noong nakalipas.

Pagsamba

Ang pagpapakita na ang Diyos ay dakila at lubusang pagmamahal natin sa Kanya. Ito ay ang pag-bibigay parangal* [hanapin Marangal], at pagpapasalamat sa Diyos. Ito ang dapat nating gawin kapag kasama natin ang Diyos.

Pagtubos

Ang pag-bili ng isang bagay na bumalik pagkatapos na ito ay nawala o kinuha. Ang pagbabayad sa isang bagay upang maging iyo.

Pananampalataya

Ang pananampalataya ay paniniwala sa isang tao o bagay. Ito ay ang tiwala at paniniwala sa Diyos na Siya ay totoo, kahit hindi natin Siya nakikita.

Pangangalunya/Mangangalunya

Ang pangangalunya ay ang pagkakaroon nang sekswal na relasyon sa isang tao na hindi niya sariling asawa.

Panginoon

Ang Panginoon ay pangalan ng Diyos sa Bibliya. Ito ay nangangahulugan na Siya ay namumuno at pinuno ng lahat ng bagay. Ito rin ay ang isang pangalan na ginagamit para kay Jesus kapag sinusunod natin Siya.

Propeta

Sila ay ang mga nagsasabi sa mga tao kung ano ang kagustuhan ng Diyos. Noong unang panahon ang propeta ay ang tagapagsalita ng Diyos. Sila ang mga nagsasabi kung ano ang mga mangyayari sa hinaharap.

Puso

Ang puso ay ang pinaka mahalagang bahagi sa isang tao. Ang puso ay ang nag-iisip, nagpaparamdam, at nagpapasya sa mga bagay-bagay.

Satanas

Satanas ay isa sa mga pangalan ng Diyablo*. Si Satanas ay ang pinaka masama sa lahat ng masasamang demonyo*. [hanapin Anghel].

Sumpa

Isang malakas na salita na maaaring magdulot ng pinsala o parusa sa isang tao o isang bagay.

Tagapagligtas

Si Hesu Kristo ang Tagapagligtas. Siya ay ang nagbabalik sa atin sa Diyos Ama, inililigtas tayo mula sa kaparusahan dulot ng kasamaang ginawa natin.

Tiwala

Ang tiwala ay ang pag-sunod at paniniwala na ang isang tao o bagay ay totoo. Ang pagkakaroon ng pananampalataya* at pag-kilos ng may pananampalataya. [hanapin Pananampalataya].

Trinidad

Ang salita na ginagamit natin patungkol sa nag-iisang Diyos na tatlong persona : ang Diyos Ama, Diyos Anak (Hesus) , at ang Diyos ang Espiritu * Santo.

Walang hanggan

Ang mga bagay na palagi na o palaging magpapatuloy ay walang hanggan. Ang isang bagay na ito ay walang simula o katapusan.

